

Kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa Falkland Islands

Isang kaso ng coronavirus COVID-19 ang nakumpirma na dito sa Falkland Islands.

Isang inpatient sa ospital na kasalukuyang nasa isolation ay naging positibo sa COVID-19 virus.

Ang pasyente ay tinanggap o na-admit mula sa Mount Pleasant Complex noong ika-31 ng Marso dahil sa pagkakasakit at napansin dito ng medical staff ang iba't ibang sintomas na tulad ng sa COVID-19.

Inalagaan sila gamit ang lahat ng nararapat na pagiingat sa isolation at patuloy itong ginagawa.

Ang pasyente, na hindi nakasalang sa ventilator, ay nasa maayos na kalagayan at masusing inaalagaan ng mga staff sa ospital.

Sinabi ng Chief Medical Officer na si Dr Rebecca Edwards: “Alam naming dadating ang araw na ito na kung saan tayo ay magkakaroon ng atiing unang kumpiramdong kaso, at sa ilang mga aspeto, mapalad na tayo ay naging COVID-19 free hanggang ngayon, ginamit natin ang pagkakataon na ito upang iplano ang ating mga hakbang sa loob ng ospital at gayundin sa pangmalawakang pananaw.”

“Muli nating isinaayos ang ospital at ang staffing arrangements, at inilagay ang ating mga supply at gamot sa tamang lugar, na kung saan maraming mga bansa ang hindi nakagawa nito bago pa nila nalaman ang kanilang unang mga kaso.”

“Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring nababahala tungkol sa development na ito; gayunpaman, ang KEMH ay nagsasagawa ng istriktong pamamaraan ng isolation para sa mga pasyente na may impeksyon para matiyak at hindi mabalewala ang anumang panganib sa pagkakahawa o cross-infection, mula pasyente hanggang miyembro ng staff, o mula sa pasyente sa isa pang pasyente. Kami ay nakikipag-ugnayan sa BFSAI sa pagsubaybay sa mga taong maaaring nakadikit o nakasalamuha ng indibidwal na ito. Ito ay isang mabisang paraan para makilala ang mga taong maaaring nakaugnayan, para maisagawa ang mga susunod na hakbang.”

Pinasalamatan ni Dr Edwards ang mga miyembro ng komunidad sa mabuting pag-responde sa pagtugon ng Gobeyrno sa COVID-19.

“Hinihiling ko na ipagpatuloy pa nila ang lahat ng mga pag-aayos o arrangements sa pagtatrabaho mula sa tahanan kung ikaw ay inabisuhan, mag-hiwalay sa sarili kung naabisuhan ng kawani ng KEMH at sa pagsasagawa ng regular na paghuhugas ng kamay at social distancing kaugnay sa lahat ng patnubay na patuloy pa ring ibinibigay.”

Sinabi ni Dr Edwards na sa ngayon ay walang bagong arrangements o karagdagang panukala.